# *Mga Layunin at Dapat Hanapin sa Pagunlad*

| | |
|---|---|
| Nakokontrol ang mga damdamin | Paano kinokontrol ng inyong anak ang matitinding emosyon? Makakapaghintay ba ang inyong anak na matugunan ang kaniyang mga pangangailangan?  Halimbawa, makakapaghintay ba ang inyong anak sa kaniyang pagkakataon na hugasan ang kaniyang mga kamay sa lababo? Mayroon ba siyang mga diskarte para mapamahalaan ang pagkabigo, gaya ng pagpili ng ibang aktibidad kung wala ang paborito niyang laro? |
| Sumusunod sa mga limitasyon at inaasahan | Tumatanggap ba ng utos ang inyong anak mula sa miyembro ng pamilya? Halimbawa, kapag iniwan niyang bukas ang gripo, isasara ba niya ito kapag pinaalalahanan? Inaabangan ba ng anak mo ang susunod na hakbang sa pang-araw-araw na gawain? Halimbawa, nagsesepilyo ba ang inyong anak bago matulog nang hindi na pinaaalalahanan? |
| Inaasikaso nang wasto ang sariling mga pangangailangan | Paano tinutugunan ng inyong anak ang ilan sa kaniyang sariling pangangailangan? Halimbawa, pagdating niya sa bahay, hinuhubad ba niya ang kaniyang coat at isinasabit ito sa sabitan, o pumipili ba siya ng laruan o laro mula sa kaniyang estante? |
| Nakikisalamuha sa mga kaedad niya | Nagsisimula na bang yayain ng inyong anak ang ibang bata para makipaglaro sa kaniya? Paano niya hinihiling na makasali sa isang bagay na nakikita niyang ginagawa ng ibang bata? Halimbawa, kapag may nakita siyang dalawang batang naglalaro ng bola sa palaruan, tatanungin niya (sa tulong mo) ang mg ito kung puwede rin siyang maglaro. |
| Binabalanse ang mga pangangailangan at karapatan ng sarili at ng iba | Gaano kadalas iniaalok ng inyong anak na ipahiram ang mga laruan, panulat, o iba pang gamit kapag nakikipaglaro siya sa ibang bata? Halimbawa, kapag gumuguhit siya kasama ang kaniyang kapatid na babae, ipinapahiram niya minsan ang mga panulat niya at hinihingi itong muli kapag tapos na ang kaniyang kapatid na babae. |
| Nilulutas ang mga problema sa kapwa | Paano nagsisimulang magmungkahi ng solusyon ang inyong anak kapag nahaharap sa problema sa kaibigan o kapatid? Halimbawa, kapag gusto niya at kaniyang kaibigan na sumakay sa tanging scooter na mayroon ka, iminumungkahi niyang, "Sasakay ako at iikot nang isang beses, tapos ikaw naman." |
| Ipinapakita ang mga kasanayan sa pagbibiyahe | Gaano kahusay nakokontrol ng inyong anak ang kaniyang katawan kapag nagpaparoo't parito? Halimbawa, kaya niyang mag-akyat-manaog sa hagdan nang nagsasalitan ang mga paa, umakyat at bumaba sa kagamitan sa palaruan, o tumakbo paikot sa isang bagay na maaaring nakaharang sa daanan niya. |
| Ipinapakita ang mga kasanayan sa pagbabalanse | Gaano kahusay magbalanse ang inyong anak kapag naglalakad o naglalaro? Halimbawa, kaya niyang magbalanse sa bangketa kapag naglalakad kayo sa kalsada o tumalon sa mababang hagdan, na bumabagsak sa dalawang paa. |
| Ginagamit ang mga daliri at kamay | Anong maliliit na pagkilos ang kayang gawin ng inyong anak gamit ang kaniyang mga kamay, pulso, at daliri? Halimbawa, kaya niyang magpapulandit ng tubig gamit ang squirt toy, gumupit gamit ang gunting, magtali ng malalaking bead, pihitin ang hawakan ng pinto para buksan ang mga pinto, o gawin ang mga senyas ng kamay para sa mga kantang tulad ng "Itsy Bitsy Spider" o "Maliliit na Gagamba." |

| | |
|---|---|
| 7b Gumagamit ng kagamitan sa pagsusulat at pagguhit | Paano humahawak ng lapis, bolpen, o krayola ang inyong anak?<br>Para malaman ito, puwede mong bigyan ang inyong anak ng kagamitan sa pagsulat o pagguhit at isang pirasong papel at sabihing, "Gumuhit ka ng larawan ng___.” Ano ang hitsura ng kaniyang paghawak sa lapis? |
| 8a Nakakaunawa ng wika | Angkop bang nakakasagot ang inyong anak sa partikular na salita at mga simpleng pangungusap, tanong, at kuwento? Halimbawa, maaaring magkuwento ang inyong anak tungkol sa kaniyang paboritong larawan sa libro kapag tinanong. |
| 8b Sumusunod sa mga tagubilin | Nakakasunod ba ang inyong anak sa dalawa o higit pang hakbang sa tagubiling kaugnay ng mga karaniwang bagay at karanasan? Halimbawa, maaaring hugasan at tuyuin ng inyong anak ang kaniyang mga kamay, matapos paalalahanan tungkol sa karaniwang nakagawian ng paghuhugas ng kamay. |
| 9b Nagsasalita nang malinaw | Malinaw bang nakakapagsalita ang inyong anak para madali siyang maintindihan ng karamihan sa kaniyang kakilala at kung minsan, ng mga bisitang pumupunta sa inyong tahanan? Kadalasang wastong ginagamit ng inyong anak ang mga salita. Halimbawa, maaaring sabihin ng inyong anak, "Nakakita ako ng mga langgam at tipaklong." |
| 10a Nakikipag-usap | Gaano kahusay ang pakikipag-usap ng inyong anak sa mga usapang nagtataglay ng di-kukulangin sa tatlong palitan ng pangungusap? Halimbawa, maaaring katulad nito ang kaniyang pakikipag-usap: Bata: Gusto kong pumunta sa parke. Ikaw: "Puwede tayong pumunta pagkatapos mananghalian." Bata: "Puwede ba tayong pumunta sa padulasan kapag naroon na tayo?" Ikaw: "Oo naman, kung hindi ito nabasa ng ulan." Bata: "Sana nasa parke rin si Max." Ikaw: "Sa palagay ko umalis si Max kasama ng pamilya niya." Bata:"Ay. Siguro naroon naman si Julie." |
| 11a Nakikilahok at nakikipag-ugnayan | Kapag naglalaro o nakikipag-ugnayan ang inyong anak sa gawaing gusto niya, naoobserbahan mo ba ang inyong anak kung mabilis siyang nakakabalik sa paglalaro pagkatapos maabala? Halimbawa, kapag may nakakaabalang ingay, naitutuloy pa rin ng inyong anak ang pagbubuo. Nagsisimula na bang magplano at magtaguyod ng iba't ibang mahirap na gawain ang inyong anak? Halimbawa, pinipili ng inyong anak na laruin ang parehong laruan sa loob ng maraming araw. Ngayon, nakikita mong tinutuklas ng inyong anak ang iba pang interes at/o mas mahirap na gawain. |
| 11b Nagtitiyaga | Paano nagsisimulang ang inyong anak na mag-isip at subukan ang mga aktibidad na mahirap para sa kaniya? Halimbawa, hinahanap niya sa mga magnet na titik na nakalagay sa refrigerator ang mga titik na nagbabaybay sa kaniyang pangalan. |
| 11c Nilulutas ang mga problema | Kapag may problema ang inyong anak, paano siya nakakahanap ng solusyon? Halimbawa, kinukumpleto niya ang isang simpleng puzzle sa pamamagitan ng pagpili sa mga pirasong angkop nang hindi na sinusubukan pa ang bawat isang piraso para makita kung tama iyon. Halimbawa, hindi nagtagumpay sa unang beses ang plano niyang pagbubuo ng isang bagay, pero nakahanap siya ng solusyon sa pamamagitan ng pag-eeksperimento. |

| | |
|---|---|
| **12a Nakakakilala at nakakaalala** | Nagsisimula na bang matandaan at pangalanan ng inyong anak ang isa o dalawang bagay na maaaring inalis habang naglalaro ng "Anong nawawala?" at kaya na ba niyang matandaan at pangalanan ang higit pa? |
| **Gumagamit ng mga kasanayan sa pag-uuri** | Kaya bang pagsama-samahin ng inyong anak ang mga bagay ayon sa isang katangian (gaya ng sukat, kulay, o hugis)? Halimbawa, maaaring pagsama-samahin ng anak mo ang lahat ng asul na bagay. Kaya bang paghiwa-hiwalayin ng inyong anak ang mga bagay ayon sa dalawa o higit pang katangian, gaya ng sukatat hugis o sukat at kulay?  Halimbawa, maaaring paghiwa-hiwalayin ng inyong anak ang lahat ng maliit at malaking butones at pagkatapos ay paghiwa-hiwalayin ang maliliit at puting butones. |
| **Nag-iisip sa makasagisag na paraan** | Nagsisimula na bang magplano ang inyong anak at pagkatapos ay gumamit ng mga iginuhit, pagbubuo, galaw, at pagasadula para ilarawan ang mga ideya?  Halimbawa, maaaring sabihin ng inyong anak, "Kunwari tayo ang mga butong lumalaki katulad ng nasa libro." |
| **Napapansin at napag-iiba-iba ang tugma** | Nagsisimula na bang makilala ng inyong anak ang mga tunog ng mga titik at magkakatugmang tunog, kung minsan sa mga kathang-isip na mga salitang gaya ng pagtutugma ng "sat" sa "mat, lat, gnat, gat"? |
| **Napapansin at napag-iiba-iba ang maliliit at mas maliliit na yunit** | Gaano kahusay na nagsisimulang maunawaan ng inyong anak ang mga salitang maaaring binubuo ng magkahiwalay na mga pantig? Para malaman: Sabihing, "Maglaro tayo ng larong pagpalakpak. Sama-sama nating ipapalakpak ang bawat isa sa mga pangalan natin." Ipalakpak ang mga pantig sa kaniyang pangalan habang sinasabi mo ito. Subukan ang hanggang anim na pangalan. Ilang pangalan ang kaniyang nagawa para ipalakpak ang mga pantig? |
| **Natutukoy at napapangalanan ang mga titik** | Nakikilala ba ng inyong anak ang ilang titik sa sarili niyang pangalan? Nagsisimula na ba niyang makilala ang hanggang 10 titik, lalo na ang mga titik sa sarili niyang pangalan? Kaya ba niyang kumilala ng higit pa?  Ilan? |
| **Gumagamit ng kaalaman sa tunog ng titik** | Kaya bang tukuyin ng inyong anak ang maiikling tunog ng mga salita, gaya ng isang palakpak para sa bawat pantig sa pangalang, "Tri-na"? |
| **Gumagamit ng mga print concept** | Nauunawaan ba ng inyong anak na may kahulugan ang mga teksto? Kaya bang susugan ng inyong anak ang mga salita sa pamamagitan ng paggalaw ng kaniyang daliri mula sa kaliwa patungo sa kanan ng pahina? |

| | |
|---|---|
| Gumagamit ng kagyat na kasanayan sa pagbabasa | Kaya ba ng inyong anak na magkunwaring nagbabasa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga larawan at aksyon at pagsasabi ng ilan sa mga salita sa teksto, nang may kaunting pagdidikta? |
| Nagsusulat ng pangalan | Naisusulat ba nang tama ng inyong anak ang ilang titik at ang ilan naman sa hindi karaniwang pagkakasunod-sunod? Maaaring naisusulat ng inyong anak ang kanyang pangalan, pero maaaring mali ang pagbabaybay niya sa ibang salita. |
| Nagbibilang | Nakakapagbilang ba ang inyong anak nang hanggang 20, at nabibilang nang wasto ang 10-20 bagay para malaman kung ilan ang mga bagay na iyon? Masasabi ba ng inyong anak kung anong numero ang kasunod kapag nagbibilang mula 1 hanggang 10? Nagsisimula na bang paghiwalayin at pagsamahin ng inyong anak ang hanggang sa limang bagay, ilarawan ang mga bahagi, at kilalanin agad ang hanggang sa limang bagay. Halimbawa, " Mayroon akong limang cube, 3 asul at 2 pula"? Halimbawa, kapag magkasama kayong nagbabasa ng inyong anak, kaya niyang ipaliwanag na, "3 iyan, at may tatlong insekto sa pahinang ito." |
| Nagsusukat ng bilang o dami | Sa tulong mo, gaano kahusay na nakakagawa ang inyong anak ng pangkat ng 6-10 bagay at ilarawan ang mga pangkat gamit ang mga salitang mas marami, kaunti, o pareho (pareho nang dami o magkapantay)? Halimbawa, naghagis *sila* ng 10 binilot na medyas sa laruang hoop sa sahig. Nang hindi pumasok ang tatlo, sinabi niyang, "Mas marami ang pumasok sa loob." Sa tulong mo, gaano kahusay na nabibilang ng inyong anak ang lahat o ipagpatuloy ang pagbibilang (idinadagdag sa bilang na tapos nang bilangin) para malaman kung ilan? Para malaman: Gumawa ng pangkat ng dot cards, isa para sa bawat numero mula 1-10. Hilingin sa kaniya na pumili ng card at bilangin kung ilan ang mga tuldok o dot. Pumili ulit ng isa pang card at sabihin, "Ilan kaya ang lahat ng tuldok natin. Alam naming may apat na tuldok sa card mo. Imbes na bilangin ulit ito, idadagdag ko na lang ang mga tuldok ko sa iyo sa pamamagitan ng pagsisimula sa apat. Apat, lima, anim, pito. Pito ang lahat ng tuldok natin. Ngayon, ikaw naman." |
| Iniuugnay ang mga numero sa kaniyang dami | Anong mga numero ang alam at kayang pangalanan ng anak mo? Gaano siya kahusay sa pag-uugnay ng bawat numero sa isang pangkat ng binilang na mga bagay? Para malaman: Isulat sa mga index card o maliliit na piraso ng papel ang mga numero hanggang 10. Ilagay ang mga ito sa mesa sa di-wastong pagkakasunod-sunod at sabihin sa kaniya na pumili ng numero *naalam niya* at sabihin sa iyo kung ano iyon. Susunod, ipakita sa kaniya ang koleksyon ng maliliit na bagay (hal., mga paper clip, butones, o block). Sabihing,"Ngayon, kapag pumili ka ng card, puwede mong sabihin sa akin kung anong numero iyon pagkatapos ay bilangin mo kung ilang butones ang katumbas ng numerong iyon." |

| | |
|---|---|
| **Nauunawaan ang mga hugis** | Kaya bang tukuyin at ilarawan ng inyong anak ang mga hugis na may dalawang dimensyon? Halimbawa, sinasabi niyang, "Tatsulok ito kasi mayroon itong tatlong sulok." Nagsisimula na niyang tukuyin at ilarawan ang mga hugis na may tatlong dimensyon, tulad ng, "Ito ay bola dahil gumugulong ito." |